

# BURUKRATA KAPITALISMO:

## O PAANO TAYO PINAGNANAKAWAN NG GOBYERNO

Kilusang Magbubukid ng Pilipinas
Enero 2026



## PAMBUNGAD

Lumipas ang taong 2025 nang walang **big fish** o mataas na opisyal ang nakulong kaugnay ng iskandalo sa korapsyon na nagsimula sa maanomalyang flood control projects. Ampaw ang banta ni Bongbong Marcos Jr. Hindi na ito nakakagulat. Nalantad nang siya mismo at kaniyang angkan ay sangkot sa iskemang allocables at iba pang manipulasyon sa badyet, bukod pa sa kanilang kasaysayan ng pandarambong sa ilalim ng Diktadura.

Marami na tayong pinagdaanang iskandalo sa korapsyon. Noong 2024 lang ay pumutok na rin ang isyu ng confidential funds ni Sara Duterte. Bago iyon ay may Philhealth Scam sa ilalim ni Duterte, may Pork Barrel Scam kay Noynoy Aquino, may Fertilizer Fund Scam kay Arroyo - mahaba ang listahan. Nahatulang may-sala at nakulong pa nga ang ilang Senador at dating Pangulo.

Pero makalipas ang iskandalo at bangayan ng mga makapangyarihan, tatahimik na naman ang isyu bago magkaroon uli ng iskandalo.


Anong nasa likod ng tila walang-katapusang siklong ito? Usapin lang ba ito ng pagkagahaman ng mga politiko? Kailangan lang ba ng mga bagong batas at maayos na pagpapatupad nito?

Para sagutin ang mga ito, kailangang nating tanawin ang buong sistemang pampolitika sa bansa at sandaling magbalik-tanaw kung paano tayo humantong sa kasalukuyan. Kailangan nating maunawaan ang burukrata kapitalismo.

Layunin ng publikasyong ito na magsilbing gabay at tulong sa pagtalakay tungkol sa burukrata kapitalismo, lalo para sa mga magsasaka at maralita sa kanayunan.

Hinihikayat namin ang lahat na magpadala ng anumang komento tungkol sa publikasyong ito.

**Pambansang Tanggapan, KMP**



## 1. Ano ang burukrata kapitalismo?

Ang burukrata kapitalismo ay isang sistema sa pagkamal ng yaman ng iilang naghahari gamit ang kapangyarihan ng estado. Sumasagka ito sa pambansang industriyalisasyon at pag-unlad, at sunud-sunuran sa dayuhang kapangyarihan at interes.

Karaniwan itong ipinapaliwanag bilang “pagpapatakbo sa gobyerno bilang negosyo,” mula sa mga salitang bumubuo sa terminong ito.

Isa ang burukrata kapitalismo sa tatlong pundamental na problema ng lipunang Pilipino. Kasama ang imperyalismo at pyudalismo, ito ay ugat ng kahirapan sa ating bayang nananatiling sadlak sa krisis ng malapyudalismo at malakolonyalismo.





## 2. Paano umusbong ang burukrata kapitalismo sa Pilipinas?

Umusbong ang burukrata kapitalismo sa Pilipinas mula sa kasayasayan nito ng kolonyalismo, pyudalismo, at imperyalismo.

**Kolonyalismong Espanyol**

Bandang 1500s sinakop ng Espanya ang mga kapuluang tatawaging Pilipinas. Gumamit ito ng taktikang "maghati para maghari" at pinaglaban-laban ang mga lokal na tribong inabutan nito sa mga isla. Nakipagsabwatan ito at binigyan ng mga pabor ang ilang datu o raja, para puksain naman ang iba pa.

Kinamkam ng mga mananakop ang kalupaan ng bansa at dineklarang pag-aari ng kanilang hari. Sa loob ng mahigit 300 taon, nagpataw ang kolonyalistang Espanyol ng sistemang pyudal (enkomyenda at asyenda). Kinikikilan nito ang magsasaka at mamamayan ng upa sa lupa, sapilitang-paggawa, at tributo. Ginawang tagasingil at tao-tauhan ng kolonyal na gobyerno (principalia) ang mga kasabwat nitong lokal na angkan.

Naglunsad ng iba't ibang anyo ng paglaban sa kolonyal na pang-aapi at pyudal na pagsasamantala ang mamamayang Pilipino. Nagwagi ang Rebolusyong Pilipino laban sa kolonyalismong Espanyol sa pangunguna ng Katipunan noong 1896.

**Kolonyalismong US**

Ninikaw ng US ang tagumpay ng mamamayan at muling-sinakop ang Pilipinas. Pinagtaksilan ng mga may-kayang ilustrado ang bansa at pumanig sa bagong mananakop.

Pinanatili ng US ang pyudal na sistema sa bansa at pinaigi ang kolonyal na kalakan. Nag-unahang mangamkam at magpatitulo ng lupa ang mga asyendero at iba pang may-kaya. Umusbong ang mga komprador mula sa mga panginoongmaylupang naging ahente ng dayuhang negosyo at kalakalang panlabas.

Unti-unting nagsanay ang US ng mga lokal na tagapamahala at burukrata para maging papet. Nagrekrut ito ng mga pensionado o mga iskolar na mag-aaral sa US, at kalaunan nagtayo ng mga paaralang maka-US sa loob mismo ng Pilipinas.

Matapos buuin ang mga lokal nitong papet, ginawad ng US ang pekeng kalayaan ng Pilipinas noong 1946. Mula rito, ang dating direktang kolonyal na kaayusan ay naging malakolonyal, at ang mga burukratang kolonyal ay unti-unting naging burukrata kapitalista.



**Malakolonyalismo**

Nagpatupad ang sunod-sunod na mga papet na rehimen ng pekeng reporma sa lupa. Lahat ito ay iniwasan ang aktwal na pagbasag sa monopolyo sa lupa at libreng pamamahagi nito sa magsasaka. Sa halip, ang mga ito ay pawang opsyonal, limitado ang saklaw, nakatuon sa pagreloka sa mga magsasaka sa lupang publiko, at naniningil ng amortisasyon sa benepisyaryo. Patuloy na umigting ang ligalig panlipunan lalo sa kanayunan.

Umabot sa rurok ang krisis ng estadong malakolonyal pagsapit ng 1970s. Natulak magpataw ng Batas Militar si Marcos Sr noong 1972. Sa ilalim nito, garapalang ginamit ng mga Marcos ang gobyerno para payamanin ang sarili at mga kroni nito. Ang ilan sa kanila ay nakilala bilang mga “hari” ng iba’t ibang pananim (gaya sa asukal, niyog, saging, atbp.) matapos gawaran ng monopolyo sa kalakalang panlabas. Sa panahong ito ganap na nabuo ang burukrata kapitalista bilang natatanging uri sa Pilipinas.

Mahigpit na sinuportahan ng US ang Diktadurang Marcos Sr na naging masugid ding tagapagpatupad ng mga patakaran at programang maka-US.

Winakasan ng mamamayan ang Diktadura sa Pag-aalsang Edsa noong 1986. Pumalit dito ang pekeng demokrasyang pang-iilan. Pero nananatili ang malalim na pag-iral ng mga burukrata kapitalista sa Pilipinas.



## 3. Sino-sino ang mga burukrata kapitalista sa Pilipinas ngayon?

Ang mga burukrata kapitalista ay kabilang sa iilang naghaharing-uri sa Pilipinas ngayon. Kasama nila ang mga burgesya-komprador na ahente ng mga dayuhang negosyo, at mga panginoongmaylupang may monopolyo sa likas-yaman ng bansa. Marami sa mga burukrata kapitalista ay mga panginoongmaylupa at/o komprador din. Kung hindi man, may mahigpit silang relasyon sa mga ito.

Ang pagtubo ng mga burukrata kapitalista ay hindi nakatuntong sa pagpapaunlad sa produksyon at ekonomya. Sa halip, nakasalalay ito sa kanilang pagiging mabuting ahente para sa dayuhan at pribadong negosyo. Yumayaman sila sa lalong paghihirap ng bansa.

Ang pinakamalalaking burukrata kapitalista sa Pilipinas ngayon ay kinabibilangan ng mga pinakamakapangyarihan at mayayamang angkan. Bumubuo sila ng mga dinastiya sa proseso ng pagtutuloy-tuloy at pagpapalawak pa ng kanilang yaman at kapangyarihan. Hinulma nila ang mismong sistemang elektoral para hayaan ang ganitong bulok na politika.

**Mga Marcos-Romualdez**



- **Mariano Marcos** - naging kinatawan ng Ilocos noong 1925, hinatulang taksil na maka-Hapon at marahas na pinatay ng mga gerilyang Pilipino noong 1945

- **Ferdinand Marcos Sr** - naging kinatawan ng Ilocos Norte, Senador, at mula 1965, Presidente at Diktador sa loob ng mahigit dalawang dekada; ang asawa nitong si Imelda ay nagmula rin sa dinastiyang Romualdez

- Tumakas ang mga Marcos sa Hawaii matapos ang Pag-aalsang Edsa noong 1986 pero bumalik din sila sa Pilipinas noong 1991. Mula noon, nakuha nila ang iba’t ibang posisyon sa Kongreso at Senado.

- **Bongbong Marcos Jr** - naging Presidente nitong 2022 matapos ang maanomalyang eleksyon; ang asawa nitong si Liza ay nagmula sa makapangyarihan ding angkan ng mga Araneta

- Kabilang ang Presidente at First Lady, may **sampung politiko** mula sa angkang Marcos-Romualdez ang nasa gobyerno ngayon.



**Mga Duterte**


- **Vicente Duterte** - naging gobernador ng Davao noong 1959

- **Rodrigo Duterte** - unang naging meyor ng Davao noong 1988; mula noon, halos 40 taon nang inook-upa ng mga Duterte ang iba't ibang posisyon sa Davao; naging presidente ng Pilipinas mula 2016 hanggang 2022

- **Sara Duterte** - kasalukuyang Bise Presidente mula 2022

- **May anim na mga Duterte** ang nasa iba't ibang posisyon sa gobyerno ngayon.

Mga **"bundat na dinastiya"** o mga angkang may higit limang myembrong sabay-sabay na may-posisyon sa gobyerno ngayon, ayon sa Philippine Center for Independent Journalism:



Mga magkakapatid sa **Senado**: Pia at Peter Cayetano, Mark at Camille Villar, Erwin at Raffy Tulfo, at JV Ejercito at Jinggoy Estrada.

**Sistemang partylist** - ginawa para sa mga aping sektor pero sinakop na rin ng mga dinastiya, 55% ng mga kinatawan ng partylist sa Kongreso ay mula sa dinastiya o malaking negosyo ayon sa Kontra Daya.




## 4. Paano nagkakamal ng yaman ang mga burukrata kapitalista sa Pilipinas?

Marami at sistematiko ang mga paraan ng pagkamal ng yaman ng mga burukrata kapitalista. Hindi sila limitado sa lantarang korapsyon at pandarambong, o ilegal na mga pakana lang.

### Kikbak at pandarambong sa pera ng bayan

• Pagkopo ng kikbak o “SOP” ng mga opisyal ng gobyerno mula sa kaban ng bayan.

• Paggamit sa posisyon para makakuha ng mga kontrata sa malalaking proyekto gamit ang pagmamanipula sa procurement, bidding, at iba pang regulasyon.

• Pinakamalaganap na ginagawa sa mga kontrata para sa imprastruktura, lalo iyong may pondong mula sa dayuhang utang.

• Kumikita sila mula sa pagpapatong sa presyo (overpriced), pagbabawas sa kalidad (substandard), o hindi paggawa sa proyekto (“ghost”).

- Ganito ang nasiwalat na pakana sa flood control projects kamakailan. Tina tayang P197 bilyon ang nawala kada taon mula 2023 hanggang 2025 dahil 40% ng pondo para sa flood control ang binubulsa ng mga cong-tractor.

- Nagaganap din ito sa agrikultura. Tinatayang P10.3 bilyon ang overpricing sa farm-to-market roads noong 2023 at 2024. Ang ilang proyekto ay mas mataas nang 70% kaysa karaniwang presyo. Pumutok din noong 2023 ang pagbili ng Department of Agriculture (DA) sa abonong overpriced nang P2,000 kada sako.



• Isa sa pinakamalaking kaso ng pandarambong sa bansa ang P200-bilyong Coco Levy Scam ng Diktadurang Marcos Sr. Sa ilalim nito, napasakamay ng mga kroni ang pinigang buwis mula sa mga magniniyog. Ang nakuhang parte ni Danding Cojuangco ay ginamit nito para bilhin ang San Miguel Corporation, na isa na ngayon sa pinakamalalaking korporasyon sa bansa.

• Iba pang kaso:

- P10 bilyong PDAF (Priority Development Assistance Fund) Scam sa ilalim ng Rehimeng Noynoy Aquino, kung saan ipinasok sa mga pekeng organisasyon ang pondo para dapat sa magsasaka.

- P728 milyong Fertilizer Fund Scam ng Rehimeng Arroyo kung saan ang pondo para sa abono ay ginamit para dayain ang eleksyon.





**Paglalako ng likas-yaman at industriya ng bansa sa dayuhan at malaking negosyo**

• Paglalako sa likas-yaman at industriya ng bansa sa mga dayuhan at malaking negosyo gamit ang otoridad at kapangyarihan ng estado
.
• Pagsisilbing ahente, tagapamagitan, at protektor ng dayuhang kapital.

• Pag-aareglo sa mga konsesyon sa pagmimina at pagtotroso, joint ventures at public-private partnerships sa mga susing industriya gaya ng transportasyon, tubig, enerhiya, at telekomunikasyon.

• Kumikita rito ang burukrata kapitalista sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga komisyon, sapi (shares), at suhol.

• Bahagi rin ang mga burukrata kapitalista sa pagpaplano at pagbibida sa mga operasyon. Binabago nila ang batas, inaalis ang mga regulasyon, at sinusupil ang oposisyon para sa mga ito.

• Makikita ito sa kung paanong ang mga may-ari ng pinakamalalaking korporasyon ng mina ay pawang matataas na opisyal ng gobyerno o malalapit sa kanila.

- Mga Romualdez ang may-ari ng Benguet Corporation, pinakamatandang korporasyon sa mina sa Pilipinas. Itinayo ito ng mga kolonyalistang Amerikano noong 1903, at napasok ng mga Romualdez sa ilalim ng Diktadurang Marcos Sr.

- Hawak naman ng mga Villar ang Agata Mining at TVI Resource Development Corp. na may mga operasyong mina sa Mindanao.

Manipestasyon din nito ang pagsasapribado sa mga pampublikong korporasyon, yutilidad, serbisyo, at ari-arian.

Pribatisasyon sa langis noong 1995 - isinapribado ang Petron at nabuo ang kartel sa langis
Pribatisasyon sa tubig noong 1997 - isinapribado ang MWSS at nabuo ang Maynilad, Manila Water, at kalaunan ang iba pang pribadong kumpanya sa tubig gaya ng PrimeWater na sumakop sa maraming **local water districts**
Liberalisasyon sa bigas noong 2019 - isinapribado ang importasyon ng bigas at nabuo ang kartel ng **rice importers**





**Pangangamkam ng lupa**

• Paggamit sa pangalan at mga kapamaraanan ng gobyerno para mangamkam ng lupa.

Ginagamit na katwiran ang sari-saring proyektong "pangkaunlaran" para • agawin ang milyon-milyong ektarya at magpalayas ng magbubukid at iba pang maralita.

• Kabilang ang pagsakop sa mga pampubliko at pribadong lupain, reklasipikasyon sa lupa, at artipisyal na pagpapataas sa presyo ng lupa, gamit ang mga kontrol sa mga batas, korte, zoning, at imprastruktura.

• Pinakamatingkad na halimbawa ang mga Villar. Unang pumasok sa politika si Manny Villar noon pang 1992. Sumirit ang kanilang yaman nang italaga ni Duterte bilang kalihim ng Department of Public Works and Highways (DPWH) si Mark Villar noong 2016. Nagkaroon sila ng susing kaalaman at kapangyarihan sa mga proyektong pang-imprastruktura ng gobyerno, na may direktang kinalaman sa kanilang negosyo sa real estate. Pinalolobo ng mga kalsada at iba pang proyektong pangtransport ang presyo ng mga lupain malapit dito. Mula noon, mahigit nagdoble ang yaman ng mga Villar.

**Burukrata kapitalismo at pekeng repormang agraryo**

Ang **pekeng repormang agraryo** ay bahagi rin ng burukrata kapitalismo.

Mula pa panahon ng kolonyalismo ng Pilipinas, mahigpit nang nakikipagsabwatan ang mga dayuhang mananakop sa mga lokal na naghahari para ipataw, panatilihin, at palubhain ang problema sa lupa. Nangangahulugan ito ng pagmomonopolyo ng iilan sa lupa kapalit ng malaganap na kawalang-lupa ng magsasaka at mamamayan.

Ang diktador na si Marcos Sr mismo ang bumuo sa pekeng repormang agraryong Presidential Decree (PD) 27. Mga palayan at maisan lang ang sinaklaw nito at iniwasan ang malalawak na plantasyon ng tubo, niyog, pinya, at iba pang tanim pang-eksport na kontrolado ng kaniyang mga kroni gaya nina Roberto Benedicto, Danding Cojuangco, at Antonio Floirendo. Sa ilalim ng PD 27, lumawak pa ang mga plantasyon ng mga dayuhang kumpanya gaya ng Caltex, Shell, Del Monte, at DoleFil.

Walang pundamental na pagkakaiba ang pumalit dito at kasalukuyang umiiral na pekeng repormang agraryo, ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Bagaman dineklara nitong saklawin lahat ng lupang agrikultural, unti-unting itong lumiit mula 10 milyon noong 1988 tungong 5 milyon na lang nitong 2024. Milyon-milyong ektarya ang in-exempt, kinumbert, at ni-retain pabor sa mga panginoongmaylupa. Ang mga lupang saklaw ng CARP ay ipinapasok naman sa mga iskemang agribisnes kung saan nananatiling walang kontrol sa lupa at produksyon ang umano'y benepisyaryo.

Pinakatampok na patunay sa pagka-inutil ng CARP ang Hacienda Luisita, na pag-aari ng mga Aquino-Cojuangco, kinabibilangan ni Cory na Presidente noong isabatas ang CARP. Hanggang sa kasalukuyan ay walang ganap na kontrol at pag-aari sa lupa ang libo-libong manggagawang bukid ng Hacienda Luisita. Nananatiling nakabanta silang palayasin dahil sa sari-saring pribadong proyekto.

Patuloy na pinalulubha ng mga patakaran sa lupa ng kasalukyang Rehimeng Marcos Jr ang kawalang-lupa ng magbubukid at maralita. Nagpapataw ito ng mga programang nagpapadali sa bentahan ng lupa, nagpapabilis sa pagpapalit–gamit, at nagpapahigpit ng kontrol ng dayuhan sa lupa. Pinakalantaran dito ang 99-year Foreign Lease Act na nagpapapahintulot sa mga dayuhan na mangupahan ng lupa sa loob ng halos isang siglo.





**Kontrol sa mga pampublikong korporasyon at insurance/pension funds**

• Kontrolado rin ng mga burukrata kapitalista ang mga pampublikong korporasyon (gaya ng PEZA, PNOC, NPC, PPA, LRT, atbp.) at mga insurance/pension funds (gaya ng GSIS, SSS, Pag-IBIG, at PhilHealth).

• Pagpapatakbo sa mga pampublikong korporasyon bilang pribado, at pagbibigay sa kanilang sarili ng matataas na sweldo, espesyal na perks, at kontrol sa milyon-milyong pondo.

• Pagkontrol kung saan ii-invest ang insurance/pension funds na dapat ay pinakikinabangan ng mga benepisyaryo nito. Sa halip, karaniwang nilalagay ang mga pondo sa mga negosyong pakikinabangan ng mga burukrata o ng kanilang mga kaalyado.

Bilyong piso ang nawawalang pondo mula sa pagkalugi sa investments ng • insurance/pension funds. Binabawi ang mga pagkaluging ito sa pamamagitan ng pagpapataas sa kontribusyon ng mga dapat na benepisyaryo.

• Halimabawa nito ang pumutok na isyu sa P15 bilyong nawawalang pondo ng PhilHealth noong 2021 sa kalagitnaan ng pandemyang Covid.

• Isa pang halimbawa ang minadaling pagtatayo sa Maharlika Weatlh Fund (MWF) noong 2023. Mayorya sa panimulang pondo nito ay kinuha mula sa Land Bank. Dito naghuhulog ng amortisasyon ang mga benepisyaryo ng CARP, at ang pondo nito ay dapat ginagamit sa abot-kayang pagpapautang sa magsasaka. Noong 2025, pumasok ang MWF sa USD1-bilyong sosyohan sa Charoen Pokphand, ang pinakamalaking dayuhang kumpanya sa agrikultura sa Pilipinas. Dito, ang pondong naipon mula at nakalaan dapat sa publiko ay direktang inililihis para sa pribado at dayuhang interes.

• Buwanang sweldo ng mga CEO sa:
- MWF - P2,300,000 (2024)
- SSS - P731,667 (2022)
- GSIS - P514,165 (2019)
- PhilHealth - P175,000 (2022)




## Pagsasanib sa operasyong kriminal

• Pakikipagsabwatan ng mga opisyal ng gobyerno sa mga ismagler, druglord, mga may-ari ng malalaking pasugalan, at iba pang sindikato. Nakatatanggap o nakapangingikil ang mga burukrata kapitalista ng pera at iba pang pabor kapalit ng proteksyon (protection money) sa mga piling malalaking kriminal.

• Sabwatan sa Bureau of Customs para sa ismagling ng iba't ibang produkto. Mahigit P5 bilyon ang halaga ng kabuuang nahuling produktong smuggled noong 2025, kalakhan nito ay sa produktong agrikultural. Mismong pamilya ng mga Marcos ay nadawit sa ismagling at monopolyong importasyon ng bigas, sibuyas, at iba pang produkto.

• Sabwatan sa pulisya at militar para sa proteksyon ng mga sindikato sa droga, pasugalan, kidnapping, at iba pang krimen. Lumitaw sa mga imbestigasyon sa madugong drug war ng rehimeng Duterte na pinrotektahan nito ang piling malalaking druglord habang pinuntirya ang mga karibal nitong paksyon at maliliit na **pusher.**



• **“Kontra-insurhensya” at mga kontrata sa depensa**

• Makabuluhang seksyon ng mga burukrata kapitalista ang nasa o nanggaling sa matataas na opisyal ng militar at pulisya.


• Nakakapangolekta ang mga heneral at opisyal na ito sa pamamagitan ng mga kontrata sa depensa, kontrol sa badyet para sa pambansang “seguridad,” at dayuhang ayudang militar.

• Bilyon–bilyong pondo para sa confidential and intelligence funds (CIF) ang hindi dumaraan sa masusing auditing kada taon. Nauna nang nasiwalat ang paggasta ni Sara Duterte sa P125 milyong CIF sa loob lang ng 11 araw noong 2024. Ngayong 2026, naglaan ng P4.5 bilyon para sa CIF ni Bongbong Marcos Jr.



• Matapos magretiro, ginagamit ng pinakamatataas na opisyal ang naipon nitong koneksyon, padrino, at rekurso para makapasok sa mga susing ahensya ng gobyerno o maging politiko mismo. Ilang dating pulis/militar na meron/ nagkaroon ng pwesto sa sibilyang gobyerno:

- Bato Dela Rosa at Ping Lacson - dating PNP Chief, kasalukuyang Senador
- Eduardo Ano - dating AFP Chief, naging DILG secretary, kasalukuyang National Security Adviser
- Nicanor Faeldon at Rey Leonardo Guerrero - dating Marine Captain at AFP Chief, parehong naging Bureau of Customs Commissioner



**Burukrata kapitalismo at pasismo**

Burukrata kapitalismo ang tuntungan ng pasismo. Ginagamit ng burukrata kapitalista ang armadong pwersa ng estado sa pagpapataw ng karahasan at terror para panatilihin ang bulok na sistema at supilin ang anumang paglaban ng mamamayan.

Kitang-kita ang ugnayan ng pasismo at burukrata kapitalismo sa militarisasyon ng mga komunidad na may anumang pagtutol sa mapanirang proyekto o pangangamkam ng lupa ng malalaki at dayuhang negosyo.

Halimbawa, ang Isla ng Mindoro ay kinaroroonan ng 204 operasyong mina na sumasaklaw sa halos 59,000 libong ektarya. Target ding saklawin ng 13 malalaking proyektong wind power ang 83,000 ektarya rito. Milyon-milyong Mangyan at iba pang residente ang apektado ng mga ito at nagpapahayag ng pagtutol sa iba't ibang paraan.



## 5. Paano lalabanan ang burukrata kapitalismo?

Sadyang kailangang ibagsak ang burukrata kapitalismo para bigyang daan ang tunay na pag-unlad ng bansa. Sadyang kailangang ibagsak ang burukrata kapitalismo para bigyang daan ang tunay na pag-unlad ng bansa.

Makatwiran lang ipaglaban ang mga makabuluhang reporma, gaya ng pagbabawal sa mga dinastiya sa eleksyon. Pero sadyang kailangan natin ng rebolusyunaryong pagbabago.

Sa halip na burukrata kapitalista, karapat-dapat tamasain ng sambayanang Pilipino ang isang tunay na demokratikong gobyerno ng mamamayan. Isang gobyernong tunay na nagsisilbi sa interes ng mamamayang Pilipino at nagtataguyod sa tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon, hindi mga papet na sunud-sunuran sa interes ng dayuhan at malalaking negosyo. Isang gobyernong binubuo mismo ng masang anakpawis, hindi ng iilang naghaharing umano'y "kumakatawan" sa karaniwang Pilipino.

Para magkamit ng mga makabuluhang reporma at pagbaba gong-panlipunan, kailangang ang mulat, organisado, at palabang magbubukid at mamamayan.






KMP